## David at Goliath

(1 Samuel 17)



Sa bayan ng Bethlehem, may isang batang pastol na sa takdang panahon ay naging isa sa pinakamahuhusay na hari ng Israel. Si David, ang bunsong anak ni Jesse, ay nag-aalaga ng mga tupa ng kanyang ama, nang ang propetang Samuel ay dumating sa bahay nila. Naparoon siya upang ipaalam at italaga si David bilang susunod na hari ng Israel. Sa kabila ng hindi kapansin-pansin niyang mga katangian, siya ang pinili ng Diyos na maging hari.

Ang pagkatalaga kay David bilang hari ay nanatiling lihim. Si David ay masipag at matapang, bukod dito ay may kagalingan din siya sa pagtugtog ng lira. Bunga nito, nakuha siya bilang tagatugtog ng musika kay Haring Saul sa tuwing nakakaramdam ang hari ng pagaalala at kabigatan ng loob. Si David ay pabalik-balik para alagaan ang mga tupa ng ama at paglingkuran si Haring Saul.

Nang panahong iyon, ang mga Israelita ay nakikipagdigma laban sa mga Filisteo. Ang mga Filisteo ay may isang pangunahing higanteng mandirigma na nagngangalang Goliath. Hinamon ni Goliath ang mga Israelita na magpadala ng isang tao upang labanan siya, ngunit ang lahat ay natatakot at pinanghihinaan ng loob sa tuwing naririnig ito.

Ang mga nakatatandang kapatid ni David ay kasama sa hukbo ng mga Israelita. Minsan ay inutusan siya ng kanyang ama na dalhan sila ng pagkain. Nang makarating sa kampo si David, narinig niya si Goliath na hinahamon ang mga Israelita. Hindi siya makapaniwala na walang may lakas-loob na lumaban dito. Nagtanong si David kung ano ang magiging gantimpala sa taong magtatagumpay laban kay Goliath. Si Eliab, ang nakatatandang kapatid ni David ay nagalit sa kanya nang makitang nakikipagusap ito sa kanyang mga kasamahan, ngunit hindi ito nakapigil kay David. Nakarating kay Haring Saul ang sinabi ni David kaya't siya ay pinatawag nito.

Nag-alala si Haring Saul na lumaban si David kay Goliath dahil maliit lamang si David. Pero sinabi ni David kay Saul kung paano niya prinotektahan ang mga tupa ng kanyang ama mula sa leon at oso, at siya'y naniniwala na tutulungan siya ng Diyos na talunin si Goliath.

Sumang-ayon si Saul sa wakas, at ipinagamit kay David ang kanyang armas. Sinubukan ni David itong isuot, ngunit masyadong malaki at mabigat, kaya't hinubad niya ang mga ito. Dinampot niya ang kanyang tungkod, dumampot ng limang makikinis na bato sa may sapa at nilagay ito sa kanyang sisidlan. Dala ang kanyang tirador, lumakad si David upang harapin si Goliath.

Nang makita ni Goliath ang kanyang makakalaban, nilait at pinagtawanan niya si David. Matapos marinig ang sinabi ni Goliath, idineklara ni David na siya ay dumating sa pangalan ng Panginoon upang talunin siya.

Habang lumalapit si Goliath, tumakbo si David papalapit sa kanya. Naglagay siya ng bato sa kanyang tirador, pina-ikot ito, at pinalipad and bato. Ang bato ay tumama sa noo ni Goliath, at siya'y bumagsak! Pagkatapos, kinuha ni David ang tabak ni Goliath at pinugutan niya ito ng ulo.

Nagulat at nagdiwang ang mga Israelita sa tapang ni David. Nang makita ng mga Filisteo na napatay ang kanilang kampeon, sila ay tumakas at nagtakbuhan. Hinabol sila ng mga Israelita, at nagtagumpay sila sa labanan.

Ang Diyos ang nakikipaglaban para sa atin. Ang tagumpay ni David laban kay Goliath sa huli ay nagpakita na ang labanan ay pag-aari ng Panginoon. Gaano man kalakas o kahirap talunin ang ating kinakaharap na mga pangyayari, kapag nagtiwala ka sa Diyos at sa Kanyang plano, ipaglalaban ka Niya at ito ay magdadala ng tagumpay ayon sa Kanyang kalooban, sa takdang panahon at sa Kanyang paraan.

